3

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# Mother Tongue Based-Multilingual Education 3

**IKAAPAT NA MARKAHAN-MODYUL 7-8**


**Mga Bumuo ng Modyul**

Mga Manunulat: **NORMA O. PALAPUZ, T-III**
Mga Tagasuri ng Nilalaman: **RHODELLA V. RAMIREZ**, MT-II SDO TAPAT
**ELMER D. ORDANIEL**, MT-II SDO TAPAT
**MINERVA S. ACUNA**, MT-I SDO Q.C.
**RHODORA G. SUNGLAO**, MT-I SDO Q.C
**ELIZABETH R. QUILING**, MT-I SDO Q.C
**BEBOT B. NO**, MT-1 SDO Valenzuela
**SHERYL T. RAMIREZ**, T-II SDO Valenzuela
Tagasuri ng Wika: **RHODONA V. TUGNA**, MT-II, SDO TAPAT
**PERLIE O. SABANG**, MT-II, SDO TAPAT
**FLORITA R. MATIC**, PSDS, SDO Valenzuela
Tagapamahala:
**MALCOLM S. GARMA,** Regional Director
**MARGARITO B. MATERUM,** Schools Division Superintendent
**GENIA V. SANTOS,** CLMD Chief
**ELLERGY G. QUINTIA,** CID Chief
**GEORGE O. TIZON,** SGOD Chief
**MARICAR D. AGAO,** Regional EPS, MTB
**JENNIFER G. RAMA**, Division EPS, MTB/ FILIPINO
**DENNIS S. MENDOZA**, Regional LR SupervisoR
**DAISY L. MATAAC**, Division LR Supervisor/ ALS
**NANCY C. MABUNGA**, Regional Librarian



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili**

# ARALIN 4
# Pang-ukol at Pariralang Pang-ukol

## Inaasahan

Inaasahang ang modyul na ito ay makatutulong sa iyo na:

1. Matukoy at magamit nang wasto ang mga pang-ukol at mga pariralang pang-ukol **(MT3G-IV-h-2.6)**
2. Matukoy ang mga larawan na naiuugnay sa pangungusap na ginagamitan ng pang-ukol

## Unang Pagsubok

**Panuto**: Piliin ang letra nang tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ang aklat na ipinamimigay ay para sa mga batang mahilig magbasa. Kanino ipinamimigay ang mga aklat?
   A. para sa guro
   B. para sa mga bata
   C. para sa mga matatanda
2. Inilagay ko ang aking bag sa ibabaw ng upuan. Saang bahagi ng upuan inilagay ang bag?
   A. sa gilid
   B. sa itaas
   C. sa ibabaw

3. Nakita ko ang nawawalang bola sa likod ng puno ng mangga. Saan nakita ang nawawalang bola?
   A. sa likod ng puno
   B. sa gilid ng puno
   C. sa harap ng puno
4. Nakaupo ang mag-aaral sa pagitan ng kaniyang dalawang guro. Aling salita sa pangungusap ang nagsasabi ng lugar?
   A. nakaupo
   B. mag-aaral
   C. sa pagitan
5. Batay sa tala marami ang nagkakasakit ng CoViD-19 sa bansa. Ano ang naging batayan ng bilang ng nagkasakit?
   A. batay sa tala
   B. batay sa datos
   C. batay sa sarbey

## Balik-tanaw

**Panuto:** Pilliin at isulat sa papel ang pang-abay na pamaraan sa pangungusap.

1. Mabilis mag-isip ng iguguhit si Rannie para sa kaniyang takdang - aralin.
2. Maayos na tiniklop ni Rhiana ang damit na kaniyang nilabhan.
3. Mabagal na naglalakad ang lalaki dahil sa init ng panahon.
4. Masarap magluto ang aking ama ng paborito kong ulam.
5. Matinis ang boses ng nagsasalita sa mikropono.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Ang **Pang-ukol** ay mga salitang nag-uugnay sa **pangngalan, panghalip**, **pandiwa** at **pang-abay** sa iba pang mga salita sa pangungusap na pinag-uukulan ng kilos o gawa.

Halimbawa:

**sa/kay** **ayon sa/kay** **batay sa/kay**

Ang Pariralang **Pang-ukol** ay pinangungunahan ng mga **pang-ukol** at sinusundan ng mga **pangngalan** o **panghalip.**

Si G. Solis ay isang naglalako **ng mga** paninda. Nagtitinda siya ng mga kagamitang pambahay **para sa** kaniyang pamilya. **Ayon sa** kaniyang mga kapitbahay, si G. Solis ay isang ulirang ama. Nagsisikap siya **tungo sa** kaginhawaan upang maibigay ang pangangailangan ng kaniyang pamilya. Ang lahat ng kaniyang ginagawa **ukol sa** pagpapahalaga sa kaniyang pamilya.

Anong mga pang-ukol ang ginamit sa kuwento?

## Gawain 1

**Panuto:** Hanapin sa loob ng kahon ang mga salitang pang-ukol na angkop sa pangungusap. Isulat sa papel ang sagot.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **sa** | **mula sa** | **para sa** | **tungkol sa** | **alinsunod sa** |

1. Humakbang ka ____________ kaliwa patungo sa kanan.
2. Kapag ikaw ay nasa kanan na, pumunta ka ______ tabi ng lagayan ng libro.
3. Kumuha ka ng libro _______ iyong kapatid.
4. Basahin ninyo ang libro _______ pang-ukol.
5. Sagutin ang pagsasanay __________ panuto.

## Gawain 2

**Panuto:** Kulayan ng pula ang puso kung ang mga salitang may salungguhit ay pang –ukol at dilaw naman kung pariralang pang-ukol. Isulat ang inyong sagot sa papel.

1. "Huwag kang lumabas baka ikaw ay mapahamak," <u>ayon kay inay.</u>
2. Ang niluto kong puto ay <u>para sa</u> iyo.
3. May libreng gamit <u>para sa kabataan.</u>
4. <u>Ayon sa</u> mga hurado, ako ang nanalo.
5. May mga mag-aaral na bumoto <u>para sa</u> eleksyon ng klase.

## Tandaan

Ang **pang-ukol** ay mga salitang nag-uugnay sa **pangngalan**, **panghalip**, **pandiwa**, at **pang-abay** sa iba pang mga salita sa pangungusap na pinag-uukulan ng kilos o gawa.

Halimbawa:

sa ukol sa/kay tungkol sa/kay

ng mula sa/kay

Ang **Pariralang Pang-ukol** ay pinangungunahan ng mga **pang-ukol** at sinusundan ng **pangngalan** o **panghalip.**

Halimbawa:

para kay lola sa mga mag-aaral

mula sa bahay tungo sa kaunlaran

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto:** Piliin at isulat sa papel ang pang-ukol na ginamit sa pangungusap.

1. May balita ka ba tungkol sa parating na bagyo?
2. Ayon sa balita, dumating na ang bagyo sa Bicol.
3. Pinag-iingat ang lahat para sa kanilang kaligtasan.
4. Kinansela ang klase ng mga mag-aaral sa buong lalawigan.
5. Ang mga *relief goods* mula sa pamahalaan ay ipinamahagi.

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

# Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Piliin ang wastong pariralang pang-ukol na ipinapahayag ng bawat larawan. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Inilagay niya ang mga yelo____________________.



A. sa loob ng baso
B. sa labas ng baso
C. sa ilalim ng baso

https://canva.com/Education

2. Ang lalaki ay nakasakay ________________.



A. sa baka
B. sa kabayo
C. sa kalabaw

https://canva.com/Education

3. May batang babaeng kumakatok _________.



A. sa pinto
B. sa bintana
C. sa dingding

https://canva.com/Education

4.Nakahanda na ang plato at kutsara ___________.



A.para sa pagbasa

B. para sa pagkain

C. para sa pagtulog

5. May inilagay na plorera ________________.



A. sa gilid ng mesa

B. sa ilalim ng mesa

C. sa ibabaw ng mesa

https://canva.com/Education

## Sanggunian

Mother Tongue – Based Multilingual Education 3 (kagamitan ng mag-aaral) na isinulat nina Nelia D. Bamba, Lilibeth A. Magtang, Claire B. Barcelona, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Raquel C. Solis, Franlyn R. Corporal Gretel, Laura M. Cadiong , Florinda Dimansala, Arabella May Z. Soniega , Grace U. Rabelas at Victoria D. Mangaser

Sangguniang Pangguro MTB – MLE3

https://Canva.com/Education

https://www.slideshare.net/josephrex/parirala-at-uri-nito

https://www.slideshare.net/josephrex/parirala-at-uri-nito

https://tl.wikipedia.org/wiki/Pang-ukol

https://www.answers.com/Q/Halimbawa_ng_pariralang_pang-ukol

## Susi sa Pagwawasto

**UNANG PAGSUBOK**

1. B
2. c
3. A
4. C
5. A

**BALIK-TANAW**

1. mabilis mag-isip
2. maayos na tiniklop
3. mabagal na naglalakad
4. masarap magluto
5. matinis ang boses

**MAIIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN**

ng mga, para sa, ayon sa,

ukol sa, tungo sa

**GAWAIIN 1**

1. mula sa
2. sa
3. para sa
4. tungkol sa
5. alinsunod sa

**GAWAIIN 2**

1. dilaw
2. pula
3. dilaw
4. pula
5. pula

**PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN**

1. tungkol sa
2. ayon sa
3. para sa
4. ng mga
5. mula sa

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. A
2. A
3. A
4. B
5. C

(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)